# Ayon kay Hesham bin Hakim bin Hizam-malugod si Allah sa kanilang dalawa-Katotohanan na siya ay dumaan sa Shaam sa mga Taong magsasaka,at tunay na pinatindig sila sa araw,at ibinuhus sa mga ulo nila ang langis! Nagsabi siya; Ano ito? Sinabi sa kanya;Pinaparusahan sila sa kanilang Tungkulin-at sa isangsalaysay-pinaparusahan sila dahil sa Buwis,Sumasaksi ako na narinig ko ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi; (( Katotohanan si Allah ay magpaparusa sa sinumang magparusa sa mga Tao sa Mundo)) Pumasok siya sa Pinuno,at sinabi niya ito,ipinag-utos nito sa kanila,at pinalaya sila.Isinaysay ito ni Imam Muslim (Magsasaka); Magsasakang hindi Arabo

Ayon kay Hesham bin Hakim bin Hizam-malugod si Allah sa kanilang dalawa-Katotohanan na siya ay dumaan sa Shaam sa mga Taong magsasaka,at tunay na pinatindig sila sa araw,at ibinuhus sa mga ulo nila ang langis! Nagsabi siya; Ano ito? Sinabi sa kanya;Pinaparusahan sila sa kanilang Tungkulin-at sa isangsalaysay-pinaparusahan sila dahil sa Buwis,Sumasaksi ako na narinig ko ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi; (( Katotohanan si Allah ay magpaparusa sa sinumang magparusa sa mga Tao sa Mundo)) Pumasok siya sa Pinuno,at sinabi niya ito,ipinag-utos niya ito sa kanila,at pinalaya sila.

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Katotohanan na si Hesham bin Hakim bin Hizam-malugod si Allah sa kanilang dalawa-ay dumaan sa Sham,sa mga Taong magsasaka na hindi arabo,At tunay na pinatindig sila sa Araw upang sunugin sila,at karagdagan pa sa pagparusa sa kanila,ibinuhus nito sa mga ulo nila ang langis,dahil ang langis ay nakakapag-padagdag sa init nito kasama ang init ng Araw,Nagtanong si Hesham sa dahilan ng pagpaparusa sa kanila,Sumagot sila sa kanya na dahil sa hindi sila nakapagbayad sa lupang pinagtatrabahuan nila,at sa ibang

salaysay;Katotohanang sila ay hindi nakapagbayad ng anumang nararapat sa kanila mula sa buwis,At nang makita ni Hesham-malugod si Allah sa kanya-ang pang-aabuso sa kanilang mahihina,Nagsabi siya-malugod si Allah sa kanya-Sumasaksi ako na narinig ko ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na nagpapahayag;Na sinuman ang magparusa sa mga Tao mula sa mga hindi nararapat parusahan,Katotohanan si Allah-Pagkataas-taas Niya ay magpaparusa sa kanila sa Araw ng Pagka-buhay,Bilang kabayaran sa ginawa nila,pagkatapos niyang sabihin ang mga dapat niyang sabihin;Pumasok siya sa Pinuno, at ipina-alam nito kung ano ang narinig nito mula sa Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-At walang nagawa ang Pinuno,kundi iwanan sila sa sitwasyon nila,Ngunit hindi ito nangangahulugan na iwanan ang pagparusa sa nagkakamali at pagpapasakit rito sa anumang makakapag-pigil rito atmatitigilan ang kasamaan nito,Ngunit ang ipinagbabawal sa kanya ay ang Pagpapahirap na sobra,na higit sa karaniwang pagpaparusa.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8888

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee